# PANLOLOKO SA PAMUMUHUNAN



## ALAMIN ANG MGA RED FLAG. UMAKSYON!



**Ano ang pagkakapare-pareho ng mga biktima ng panloloko sa pamumuhunan?**

**Naniwala silang lehitimo ang oportunidad sa pamumuhunan at hindi nila nakita ang mga babalang senyales.**

**Binabalangkas sa libretong ito ang mga red flag ng panloloko at nagbibigay ito ng mga hakbang sa pagkilos na maaari mong gawin para maprotektahan ang iyong sarili.**

## PAANO NAGIGING LEHITIMO ANG ISANG PAMUMUHUNAN?

Sa mga lehitimong pamumuhunan, pare-parehong nag-o-operate ang mga nag-iisyu at mga indibidwal na nagbebenta ng mga ito sa saklaw ng mga patakaran ng batas sa mga seguridad.Pinapangasiwaan ng SEC at ng mga estado ang maraming pamumuhunan para maprotektahan ang mga namumuhunan, kabilang ang pag-aatas na dapat rehistrado ang mga kumpanyang nag-iisyu at dapat rehistrado at lisensyado ang mga taong nagbebenta sa mga ito. Dapat makapagbigay ng sapat na impormasyon ang mga nag-iisyu ng pamumuhunan para mabigyang-daan kang makagawa ng may-kabatirang pasya kung mamumuhunan ka o hindi.

> Gaano kakaraniwan ang panloloko sa pamumuhunan?Ayon sa FTC, nag-ulat ang mga namumuhunan ng mahigit $3.8 bilyong pagkalugi dahil sa panloloko noong 2022.

Sa ilang sitwasyon, posibleng maging kwalipikado ang isang pamumuhunan para sa isang pagbubukod sa pagpaparehistro. Magsuri para matiyak na may nalalapat na pagbubukod sa pamamagitan ng paggamit sa alinman sa EDGAR database ng SEC o sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong mga tagakontrol ng mga seguridad ng estado.

***UMAKSYON:*** **TINGNAN ANG PAGPAPAREHISTRO**

1. Tiyaking nakarehistro ang nag-iisyu sa SEC o sa tagakontrol ng iyong estado.
2. Tiyaking nakarehistro at lisensyado ang salesperson sa BrokerCheck.org.
3. Kung hindi nakarehistro ang pamumuhunan, beripikahing kwalipikado ito para sa isang pagbubukod.

## MGA URI NG MGA LEHITIMONG PAMUMUHUNAN

### MGA SEGURIDAD NA TINE-TRADE SA PUBLIKO

Ang mga tradisyonal na pamumuhunang tine-trade sa publiko ay kinabibilangan ng mga stock, bond, mutual fund, exchange traded fund, at options and futures.

Bilang isang namumuhunan, dapat may kamalayan ka na kapag nawawalan ng halaga ang mga merkado sa pamumuhunan sa pangkalahatan, gaya ng karaniwang nangyayari paminsan-minsan, marami kung hindi man karamihan sa mga pamumuhunan sa mga merkadong iyon ang mawawalan rin ng halaga.Bagama't maaaring bumaba ang halaga ng mga stock ng mga kumpanyang nagte-trade sa publiko, may bentahe ng pagiging liquid ang ganitong mga uri ng mga pamumuhunan. Ibig sabihin, sa pangkalahatan, puwede mong ibenta ang iyong pamumuhunan kung kailan mo kailangan.

### MGA PAGBUBUKOD SA PAGPAPAREHISTRO

Ang ilang mga asset sa pamumuhunan ay maaaring ibenta sa lehitimong paraan sa mga pribadong transaksyon, na hindi nag-aatas ng pagpaparehistro sa SEC.

Kadalasang ibinebenta ang mga pamumuhunang ito para magkaroon ng kapital para sa pagnenegosyo.Kasama sa mga halimbawa ang ilang partikular na alternatibong pamumuhunan, mga pribadong equity fund, mga share sa mga start-up na kumpanya, mga limitadong partnership, at real estate. Sa pangkalahatan, hindi liquid ang ganitong mga uri ng mga pamumuhunan, na nangangahulugang hindi mo madaling mabebenta ang iyong holding.Maaari ka ring mailantad ng mga ito sa mas malaking panganib kumpara sa mga tradisyonal na pamumuhunan at maaaring iatas ang pagkakaroon mo ng partikular na net worth o taunang kita para makapamuhunan.

Bago mamuhunan sa mga seguridad na hindi pampublikong tine-trade, tiyaking iimbestigahan mo muna ang kumpanya at ang salesperson, nauunawaan mo ang memorandum ng alok ng pamumuhunan, alam mong hindi mo magagalaw ang pera mo nang matagal, at puwedeng mawala ang kapital na ipinamuhunan mo.



> **MGA KUMPLIKADONG ESTRATEHIYA**
> Huwag mamuhunan dahil natatakot kang hindi makasabay sa pinakabagong oportunidad sa pamumuhunan, kahit na ibinebenta ng isang rehistradong broker-dealer ang produkto at nakakatanggap ito ng maraming atensyon sa media. Halimbawa, kung hindi mo naiintindihan kung paano gumagana ang mga self-directed IRA, binary option, at leveraged ETF, malamang na hindi para sa iyo ang mga ito.

## MGA URI NG MGA MAPANLOKONG PAMUMUHUNAN

Ang mga mapanlokong alok ay kadalasang kinasasangkutan ng pare-parehong mga uri ng mga pangako at garantiya bilang mga paunang panloloko, kahit na nagbabago ang mga detalye tungkol sa mga produkto sa pamumuhunan o business venture para makasabay sa mga ulo ng balita at mga kasalukuyang kaganapan.

Ang isang alok sa pamumuhunan ay maaaring maging mapanloko para sa maraming dahilan, kabilang ang mga sumusunod:

- Mga maling representasyon tungkol sa kung ano ang negosyo, sino ang mga may-ari nito, at ang mga panganib na posibleng maidulot nito
- Maling paggamit ng mga pondo sa pamumuhunan para sa personal na gastusin, hindi mga lehitimong gastusin sa negosyo
- Mga hindi umiiral na kumpanya, na may mga pondo mula sa mga dating namumuhunan na ginagamit para bayaran ang mga mas bagong namumuhunan
- Mga maling claim na nagsasabing nagmamay-ari ang kumpanya ng mahahalagang patent at pinagmamay-ariang produkto

> **ISANG HIWALAY NA ACCOUNT PARA SA MGA PAMUMUHUNAN NA MAY MATAAS NA PANGANIB**
> Kung gusto mo talagang sumubok ng ilang napakapabago-bago at may mataas na panganib na pamumuhunan, dapat gumamit ka lang ng limitadong halaga ng pera na kaya mong mawala. Puwede kang magbukas ng hiwalay na account para sa mga hindi nakokontrol na pamumuhunan gaya ng crypto, kung saan napakaposible ng pagkawala ng lahat ng ipinuhunan mo.Kung pipiliin mong magbukas ng maliit na hiwalay na account, huwag itong isikreto sa iyong asawa o pinansyal na tagapayo.Kapag oras na ng paghahain ng buwis, kakailanganin mong iulat ang kita mula sa lahat ng iyong mga account.

## BANTAYAN ANG MGA RED FLAG NA ITO KAUGNAY NG PANLOLOKO SA PAMUMUHUNAN

Mahalaga ang pagkilala sa mga red flag ng panloloko sa pamumuhunan para maprotektahan ang iyong sarili laban sa bitag ng mapanlokong pamumuhunan.

Dapat sabihin sa iyo ng alinman sa mga flag na ito na may mali.Ang isang kumbinasyon ng mga ito ay dapat magsilbi nang signal para umalis ka.

### ⚠ Pangako ng Mataas na Rate ng Return

Ang pangako ng mas mataas kaysa sa average na rate ng return nang walang panganib ay isang pangakong hindi matutupad.Ang sinuman—o anumang ad—na gumagawa ng claim na ito ay dapat agad na paghinalaan.

### ⚠ Mga Claim tungkol sa Mga Hindi Nagbabagong Return sa Paglipas ng Maraming Taon

Dapat mag-ingat ka kung iuulat ng isang kumpanya na pare-pareho ang nagiging return ng isang pamumuhunan sa loob ng maraming taon, kahit na mukhang makatuwiran naman at hindi masyadong mataas ang iniulat na return.Ang isa sa mga pinakamalaking pinansyal na panloloko sa kasaysayan, na pinatakbo ni Bernie

Madoff, ay nag-ulat ng mga positibong return kada taon, kahit sa mga panahon ng mga pagbaba ng stock market at pagbagsak ng ekonomiya.

**RATE NG RETURN**
Ang average na taunang rate ng return para sa stock market sa US sa loob ng 20 taon na nagtapos noong Hunyo 2023 ay 9.752% ayon sa nasukat ng index ng S&P 500 sa mga stock ng malalaking kumpanya.Sa loob ng 30 taon na nagtapos noong Disyembre 2022, ito ay nasa 9.64%.Magagandang benchmark ang mga iyon para magsilbing sukatan ng ipinangakong return.

### Pag-uudyok na Kumilos Kaagad
Kapag sinabihan kang dapat kumilos ka agad para masulit ang isang oportunidad sa pamumuhunan o na available lang ang pamumuhunan kapag namuhunan ka agad, mga senyales ito ng panloloko.Kung matatanggap mo ang pang-uudyok na ito sa tawag sa telepono, sa isang email, o sa social media, tapusin na agad ang interaksyon.

### Pamimilit sa Pananahimik o Pagsisikreto
Senyales ng panloloko ang mga kahilingan o babala na isikreto ang oportunidad sa pamumuhunan. Kahina-hinala ang mga claim na hindi makakapagbigay sa iyo ng impormasyon dahil pinagmamay-arian ang pamumuhunan.Mas kahina-hinala pa kung sasabihan kang huwag makipag-ugnayan sa isang abogado, o sa ahensya ng estado o pederal na pamahalaan, nang may paliwanag na mawawala ang oportunidad kapag ginawa mo iyon.

### Kawalan ng Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan
Maging alerto sa mga salesperson na tumatangging magbigay ng kumpletong impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa kanilang sarili at sa kumpanya.Mga senyales ng panloloko ang mga claim na walang pisikal na opisina ang kumpanya, o na nagtatrabaho ang lahat mula sa bahay, o na dapat ipadala ang mga tseke at sulat sa isang P.O. box.

### Mga Error at Paiba-ibang Impormasyon sa Mga Dokumento ng Alok
Posibleng iba-iba ang mga pamagat ng mga dokumento ng alok:Kontrata ng Pamumuhunan;Promissory Note;Memorandum ng Pribadong Placement;Kasunduan sa Pamumuhunan;at iba pa.Anuman ang pamagat, kung naglalaman ng mga maling pagbaybay o gumagamit ng mali-maling gramatika ang mga dokumento, mag-ingat. Mga senyales din ng panloloko ang paiba-ibang impormasyon.Halimbawa:Ginamit ang "Company ABC, LLC" sa pamagat, pero kalaunan sa dokumento, "ABC Co" o "Company ABC" na ang ginamit.

### Mga Claim ng Mga Pagbubukod
Kung kine-claim ng isang promoter na may pagbubukod ang kumpanya sa mga kinakailangan sa
pagpaparehistro, mga kinakailangan sa paghahain sa pamahalaan, o anupamang kinakailangan para sa lisensya o regulasyon, tiyaking suriin ang mga claim.

### Kasaysayan ng Mga Problema
Masamang senyales ang kasaysayan ng mga pagkabangkarote, demanda, lien, pagkilos sa pagpapatupad, at pagkakondena.Kung magsasaliksik ka at malalaman mong may hindi magandang nakaraan ang mga may-ari, manager, o salesperson ng isang kumpanya, maging maingat sa pamumuhunan.

### Mga Testimonya
Ang isang kumpanyang umaasa sa mga testimonya ng mga indibidwal na nagke-claim na nakakuha sila ng magagandang return nang walang masyadong ginagawa ay isang malaking babalang senyales.Mag-ingat sa mga testimonya na nakikita mo sa mga video o naririnig sa mga kumperensya at pagpupulong kung saan binabanggit ang pamumuhunan.

### Mga Kahilingan para sa Mas Malaking Pera
Maaaring magsimula ang isang panloloko sa isang kahilingan para sa maliit na pamumuhunan.Kalaunan, makakatanggap ang namumuhunan ng sulat o update sa pamumuhunan na humihiling ng karagdagang pondo, na may kasamang claim na maganda ang pinupuntahan ng pamumuhunan kaya dapat nang mamuhunan nang mas malaki, o nang nagsasaad na nagkakaproblema sa pera ang kumpanya at kailangan nito ng mas maraming pera para makapagpatuloy.Huwag nang mamuhunan pa sa pumapalya nang pamumuhunan.

## PAGKATAPOS NG MGA RED FLAG:UMAKSYON AT MAG-IMBESTIGA

Bago mo isaalang-alang ang paggawa ng anumang pamumuhunan, dapat humingi ka muna ng mga sagot sa limang tanong na ito.



### 1. Nakarehistro ba ang taong nagsusulong ng pamumuhunan?
Puwede mong tingnan ang pagpaparehistro at propesyonal na kasaysayan ng isang broker at salesperson, kabilang ang mga problema, sa BrokerCheck.org.

Kung wala kang makikitang rekord sa alinman sa mga lugar na ito, o kung nagpapakita ng kasaysayan ng hindi magagandang pagkilos ang rekord, huwag isantabi ang posibilidad ng panloloko.

### 2. Nakapagparehistro na ba ang kumpanya na nag-aalok ng seguridad sa SEC o nakapaghain na ba para sa pagbubukod?
Beripikahin sa SEC o sa tagakontrol ng iyong seguridad sa estado kung naihain na ng kumpanya ang lahat ng kinakailangang paghahain para sa pagbubukod at kung tunay ngang may pagbubukod ito sa pagpaparehistro.Puwede mong hanapin ang mga nakarehistrong kumpanya sa EDGAR database ng SEC at sa pamamagitan ng pagsasagawa ng online na paghahanap.

### 3. Mayroon bang dokumento ng alok na naglalarawan sa pamumuhunan?
Karamihan sa mga nag-iisyu ng seguridad ay inaatasang magbigay ng circular ng alok o private placement memorandum (PPM) na nagpapaliwanag ng mahahalagang detalye tungkol sa alok.

Dapat ilarawan ng mga dokumento ng alok ang negosyo ng kumpanya, mga pangalan at karanasan ng mga kasosyo at namamahala, mga panganib ng negosyo, at mga pananagutan.

### 4. Naiiba ba ang sinabi ng salesperson sa mga nasa dokumento?
Dapat pagtuunan mong maigi ng pansin kung gaano kalinaw na naipapaliwanag ang mga inilalarawang panganib sa dokumento ng alok o sa PPM, kung ano ang mga babayaran, at kung gaano ka-liquid ang pamumuhunan.

Kung mamaliitin ng salesperson ang alinman sa iyong mga alalahanin o sasabihin niyang nakalagay ang mga detalye sa dokumento dahil "ipinalagay iyon ng mga abogado sa amin," senyales na iyon na may malulubhang problema.

## 5. May mga kopya ka ba ng lahat ng papeles?

Kapag nagbukas ka ng account sa pamumuhunan, dapat padalhan ka ng mga kopya ng lahat ng mga nakumpletong papeles.Dapat magkaroon ka rin ng access sa mga regular na statement ng pamumuhunan na nagpapakita sa kung magkano na ang naipuhunan mo at ang kasalukuyang value ng iyong account.

Dapat makita rin sa statement ang mga komisyon, bayarin sa sales, at iba pang fee. Kapag sinusuri mo ang mga statement, maghanap ng mga pagkakaiba kabilang ang mga hindi awtorisadong trade o mga nawawalang pondo.

# MGA URI AT HALIMBAWA NG PANLOLOKO SA PAMUMUHUNAN

Kung minsan, may mga sinusundang karaniwang pattern ang mga scam sa pamumuhunan na umiiral na dati pa man. Patuloy na nagbabago ang iba, batay sa mga bagong produkto sa pamumuhunan at mga bagong teknolohiya sa pamumuhunan.

### Kabilang sa ilang klasikong uri ng panloloko na patuloy na nakakaakit ng mga biktima ang mga sumusunod:

### Mga Scheme sa Promissory Note

Maraming scam ang kinasasangkutan ng pag-iisyu ng promissory note.Bagama't lehitimo ang mga promissory note sa maraming transaksyon sa negosyo, mag-ingat sa mga pamumuhunang kinasasangkutan ng mga promissory note, lalo na iyong mga nangangako ng mataas at hindi nagbabagong rate o mga garantisadong return.Huwag magpaloko sa sasabihing puwede mong gamitin ang promissory note sa korte para maibalik sa iyo ang pera mo.Kapag nagastos na ng manloloko ang lahat ng pondo sa pamumuhunan at nabangkarote, o mas malala pa, biglang mawala, hindi mo na makukuha ang pera mo.

### Mga Ponzi Scheme

Sa ganitong uri ng scheme, inaakit ng mga manloloko ang mga namumuhunan sa pamamagitan ng pagpapangako ng matataas na return ng pamumuhunan. Posibleng makatanggap ang mga biktima ng mga regular na ulat sa pamumuhunan mula sa scammer na nagpapakita kung paano tumataas ang halaga ng kanilang account.Nakakapag-withdraw din sila mula sa kanilang mga account.Ngunit ang liquidity na sumusuporta sa mga pag-withdraw na iyon ay gawa ng perang ipinupuhunan ng susunod na grupo ng mga biktima.Pagkalipas ng panahon, babagsak ang scheme.

### Panloloko sa Kaugnayan

Ang uri ng panlolokong ito ay nangyayari kapag gumagamit ang manloloko ng kaugnayan sa isang partikular na grupo, gaya ng isang social club, grupo ng suporta, kawanggawa, o sambahan, bilang paraan para makuha ang tiwala at mahikayat ang mga mamumuhunan na bumili sa mapanlokong pamumuhunan.Kadalasan, bahagi ng alok ang pagsasabing espesyal na oportunidad ang pamumuhunan na iniaalok lang sa mga miyembro ng grupo.

### Mga Scheme sa Advance na Bayad

Nalilinlang ng mga manlolokong gumagamit ng ganitong uri ng scam ang kanilang mga biktima para magbigay sila ng pera sa pamamagitan ng pag-aatas ng upfront na pagbabayad bago nila matanggap ang stock o iba pang pamumuhunan na gusto nilang bilhin. Ang bayad, na maaaring tukuyin bilang komisyon o downpayment, ay hindi na kailanman ibabalik, at hindi rin kailanman ibibigay ang pamumuhunan.

### Mga Libreng Lunch o Dinner Seminar

Bagama't maraming pinansyal na seminar na nag-aalok ng libreng meal ang iniaalok ng mga lehitimong kumpanya, ang ilan ay pinapatakbo ng mga indibidwal na walang angkop na lisensya at gusto ka lang hikayatin na mamuhunan sa kanila sa pamamagitan ng pag-aalok ng libreng meal.Posibleng magpakita ng mga kredensyal o sertipiko ang salesperson para makapagtatag ng pagkalehitimo.Tiyaking beberipikahin mo ang pagpaparehistro sa BrokerCheck.org at huwag mag-atubiling kainin ang libreng pagkain at huwag ka nang magpa-pressure sa one-on-one na pagpupulong sa hinaharap.

### Kabilang sa ilang mga uri ng panloloko sa pamumuhunan na mas kamakailan lang lumitaw ang mga sumusunod:

### Mga Pekeng Website

Gamit ang mga huwad na site, nagagawang manipulahin ng mga mapanlokong salesperson ang mga return para magmukhang nakakakuha ng malalaking return ang mga walang kamalay-malay na namumuhunan.Hinihikayat ang mga namumuhunan na magbigay ng mga karagdagang deposito batay sa persepsyong lumalaki ang pera nila.Sa ilang kaso, posibleng hikayatin pa ang mga namumuhunan na mag-withdraw ng maliliit na halaga para mabigyan sila ng impresyon ng liquidity.Kalaunan, kapag sapat na ang nalikom na pera para kumita sila, isa-shut down na ng mga manloloko ang site.

### Pagbabago ng Mga Platform

Para makaabot ng mga potensyal na mamumuhunan sa pamamagitan ng account sa social media, magbabanggit ang scammer ng oportunidad sa pamumuhunan, at papadalhan ka ng pekeng exchange o platform sa pamumuhunan.Kung minsan, gagawin ang alok sa isang lehitimong platform, pero may mga tagubilin na magbayad gamit ang iba at mapanlokong site.

### Mga Testimonya at Pag-eendorso

Ang mga alok sa pamumuhunan na labis na nakabatay sa mga testimonya mula sa mga kilalang personalidad o influencer ay posibleng nagbabayad para sa mga pag-endorso, o posibleng nagbigay ng kita sa pamumuhunan sa mga indibidwal na ito.Sa oras na mamuhunan na ang mga regular na namumuhunan, posibleng lumabas na hindi naman talaga kumikita ang kumpanya.

### Pagmimina ng Liquidity

Sa uring ito ng panloloko sa cryptocurrency, papangakuan ang mga namumuhunan ng porsyento ng mg akita na maiipon sa pag-trade ng crypto kung ipapamahagi nila ang ilan sa kanilang mga kasalukuyang asset sa crypto sa isang app na nagbibigay ng liquidity para sa mga transaksyon sa hinaharap.Kokontakin ng scammer ang biktima gamit ang iba't ibang online na source, kabilang ang mga dating app, at makikipag-ugnayan sa iyo sa loob ng ilang panahon para makabuo ng tiwala. Pagkatapos, kapag nai-transfer na ang mga asset ng biktima, ililipat ng scammer ang mga asset na iyon sa kanyang digital wallet at maglalaho na.

### Mga Alternatibong Pamumuhunan

Ang mga pamumuhunan na alternatibo sa mga tradisyonal na pamumuhunan, gaya ng mga stock, ay naaangkop para sa ilang namumuhunan na kayang mangasiwa ng panganib at puwedeng mawalan ng ilan sa kanilang mga pondo sa pamumuhunan. Gayunpaman, mapanloko ang ilang alternatibong pamumuhunan dahil walang produkto, o mali ang pagrepresenta ng seller sa halaga ng produkto.Mag-ingat sa mga pamumuhunan sa mga asset gaya ng real estate, pagpaparenta ng kagamitan, mga obligasyon sa loan, art at valuables, at mga NFT, at tiyaking nauunawaan mo kung paano gumagana ang pamumuhunan. Dapat mo ring beripikahin na umiiral ang mga asset
at tama ang halaga ng mga ito, bagama't posibleng maging mahirap na magawa ito.

Suriin ang Pagpaparehistro ng isang Indibidwal:
**BrokerCheck.org**

Suriin ang Pagpaparehistro at Mga Paghahain ng Kumpanya:
**SEC.gov**

**Sa pamamagitan ng pagkilala sa mga red flag at scheme na nakabalangkas sa libretong ito, matutulungan kang maprotektahan ang iyong sarili laban sa pagiging biktima ng panloloko sa pamumuhunan.Palaging mag-imbestiga bago mamuhunan, at makipag-ugnayan sa iyong tagakontrol ng mga seguridad ng estado kung naniniwala kang inalok o binentahan ka ng mapanlokong pamumuhunan.**

WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF FINANCIAL INSTITUTIONS

**Washington Department of Financial Institutions**

P.O. Box 41200
Olympia, WA 98504-1200
877-746-4334
dfi@dfi.wa.gov

LIGHTBULB PRESS®

Copyright© 2023 Lightbulb Press.Nakalaan ang lahat ng Karapatan.
www.lightbulbpress.com
*Ang Panloloko sa Pamumuhunan* ay pinondohan ng Investor Protection Trust.